Mensahe Apat

## Ang Maringal na Kaharian ni Solomon Sumasagisag sa Kaharian ni Kristo sa Milenyum

Babasahin sa Kasulatan: 1 Hari 10:1-24; Aw. 72:1-8, 11, 17-19; Apoc. 11:15; 20:4, 6

**I. Ang maringal na kaharian ni Solomon, sa kanyang kariwasaan sa ilalim ng mayamang pagpapala ng Diyos, ay isang sagisag ng kaharian ni Kristo sa milenyum—1 Hari 4:20—5:18:**

A. Inilalarawan ng mga kapitulo 9 at 10 sa 1 Hari ang pinakamataas na rurok ng kaluwalhatian ni Solomon sa gitna ng mga bansa.

B. Si Solomon ay niluwalhati sa kaharian ng Israel sa karingalan ng kanyang kaharian; ito ay isang paunang paglalarawan kay Kristo sa milenyum—bb. 1-24.

**II. Sa Kanyang ikalawang pagdating, aangkinin ni Kristo ang lupa, na ibinigay sa Kanya bilang Kanyang pag-aari, at itatatag ang kaharian ng Diyos sa buong lupa, sa gayon ay babawiin ang karapatan ng Diyos sa ibabaw ng lupa—Aw. 24:1:**

A. Inilalahad ng Awit 24:7-10 ang matagumpay na Kristo bilang darating na Hari sa walang hanggang kaharian ng Diyos.

B. Si Jehovah ay si Hesus, at si Hesus ay ang nagkatawang tao, ipinako sa krus, at nabuhay na muling Tres-unong Diyos, na malakas sa pakikipagbaka at matagumpay—Apoc. 5:5.

C. Siya ang Isa na babalik sa Kanyang pagkabuhay na muli kasama ang Kanyang mga mandaraig upang angkinin ang lupa bilang Kanyang kaharian —Dan. 2:34-35; 7:13-14; Joel 3:11; Apoc. 11:15; 19:13-14.

**III. Ang Awit 72 ay tungkol sa naghaharing Kristo, isinasagisag ng naghaharing si Solomon:**

A. Sa katunayan ang Awit 72 ay isang awit kay Haring Solomon, na isang sagisag ni Kristo bilang ang naghaharing Isa—Mat. 12:42:

1. Si Solomon ay isang sagisag ni Kristo bilang ang anak ni David, ang Isang magmamana ng trono at kaharian ni David—1:1; 2 Sam. 7:12-13; Luc. 1:32-33.
2. Pagkatapos ng Kanyang buhay ng pagdurusa sa lupa, isinasagisag ng mga pagdurusa ni David, si Kristo ay umakyat sa mga kalangitan, kung saan Siya ngayon ay naghahari bilang ang Hari, na isinasagisag ni Solomon—1 Cor. 15:25; Apoc. 17:14.

B. Ang naghaharing Kristo ay isinasagisag sa Awit 72 ng naghaharing si Solomon (Mat. 1:1; 22:42) sa kanyang manigo at mayabong na panahon (1 Hari 9—10), ayon sa ipinahihiwatig ng pamagat ng awit na ito at ng unang bersikulo:

1. Inihahayag ng Awit 72 si Kristo na naghahari sa ibabaw ng lupa, na lahat ng mga hari ay nakayukod sa Kanya at lahat ng mga bansa ay naglilingkod sa Kanya—bb. 1-8, 11.
2. Ang Awit 72 ay isang maluwalhating larawan kung paano babawiin, aangkinin, at paghaharian ng Panginoon ang buong lupa—bb. 17-19.
3. Ang paghahari ni Kristo, na isinasagisag ni Solomon, ay sa milenyum sa kapanahunan ng pagpapanumbalik—Apoc. 20:4, 6; Matt. 19:28.

**IV. "Ang kaharian ng sanlibutan ay naging kaharian ng ating Panginoon at ng Kanyang Kristo, at Siya ay maghahari magpakailan pa man"—Apoc. 11:15:**

A. Ang kaharian ni Kristo ay ang milenyum; ito rin ang kaharian ng Diyos—20:4, 6; Mat. 16:28; 13:41, 43.
B. Sa aspekto ng kaharian bilang ang kaharian ni Kristo at ng Diyos, si Kristo ay naghaharing kasama ang Diyos; masasabi rin natin na si Kristo ay naghahari bilang ang Diyos—Apoc. 11:15.
C. Ang kaharian ng sanlibutan ay magiging ang kaharian ni Kristo sa Kanyang pagbabalik pagkatapos Niyang isagawa ang Kanyang paghahatol sa mga bansa—Dan. 7:13-14; 2:44-45.
D. Sa Apocalipsis 11:15, ang paghahari ng Panginoon magpakailan pa man ay ang paghahari ng Panginoon sa isang libong taong kaharian at sa bagong langit at bagong lupa sa kawalang-hanggan—Apoc. 22:5.
E. Lahat ng mga mandaraig ay maghaharing kasama ni Kristo sa loob ng isang libong taon, at lahat ng mga naligtas ay maghahari magpakailan pa man sa kawalang-hanggan—20:4, 6; 22:5.

**V. Pagkatapos tuusin ng Panginoong Hesus ang mga mananampalataya, ang mga Hudyo, at ang mga bansa, ipapasok Niya ang milenyum—ang kaharian ni Kristo at ng Diyos sa lupa sa loob ng isang libong taon—20:4, 6:**

A. Ang milenyum ay tumutukoy sa panahon pagkatapos dumating muli ni Kristo bilang Hari upang pamunuan ang sanlibutan at bago ang bagong langit at bagong lupa.
B. Sa panahon ng milenyum ay lalapit ang lahat ng mga bansa kay Kristo—Zac. 14:16.
C. Sa Lumang Tipan ay maraming mga bersikulo hinggil sa milenyal na kaharian—Aw. 2:6, 8-9; Isa. 2:2-5; 11:1-10; 65:20-25; Zac. 8:20-23; 14:16-21.
D. Sa Gawa 3:21 *ang mga panahon ng pagpapanumbalik ng lahat ng bagay* ay tumutukoy sa milenyum:
    1. Maaapektuhan ng pagpapanumbalik na ito hindi lamang ang tao bagkus ang buong sansinukob—ang mga kalangitan, ang lupa, ang mga hayop, at maging ang mga puno.
    2. Lahat ng bagay na isinumpa dahil sa pagkatisod ng tao ay mapanunumbalik—Isa. 11:6; 30:26.
E. Ang milenyum ay gagamitin pa rin ng Diyos bilang isang kapanahunan ng paghahanda:
    1. Sa kapanahunang ito ay pasasakdalin ng Diyos ang mga banal na hindi napasakdal sa kapanahunan ng ekklesia upang sila ay maging kuwalipikadong pumasok sa Bagong Herusalem para sa walang hanggang kaharian ng Diyos.
    2. Sa panahon ng milenyum ay dadalisayin din ng Diyos ang mga napanumbalik na bansa upang maging mga tao sa bagong lupa.
F. Ang mga mananampalataya kay Kristo na Anak ng Diyos ay isinilang na muli tungo sa kaharian ng Diyos, at sila ay nasa buhay-ekklesia, namumuhay sa loob ng kaharian ng Diyos ngayon, subalit hindi lahat ng mga mananampalataya, ang mga mandaraig lamang, ang makikilahok sa milenyum—Juan 3:5, 15-16; Roma 14:17; Apoc. 12:10-11; 2:26-27; 3:21.

**VI. Ang inilalarawan sa Mateo 16:28—17:5 ay isang minyatura ng pagpapakita ng kaharian ng mga kalangitan sa milenyum:**

A. Ang sentro ng maliit na modelong ito ay ang niluwalhating si Hesus, at kasama Niya sina Moses at Elias, kumakatawan sa mga Lumang Tipang mandaraig, at sina Pedro, Santiago, at Juan, kumakatawan sa mga Bagong Tipang mandaraig—bb. 1-3.

B. Kasama ang Panginoong Hesus sa bundok, sina Pedro, Santiago, at Juan ay nagkaroon ng patikim ng darating na pagpapakita ng kaharian—16:28—17:3.

C. Para sa Panginoong Hesus na magbagong-anyo ay nangangahulugan na ang Kanyang pagkatao ay natigmakan at napanuutan ng Kanyang pagkadibino; ang pagbabagong-anyong ito ay ang Kanyang pagluluwalhati—b. 2:

   1. Ang pagbabagong-anyo, ang pagniningning, ng Panginoong Hesus ay ang Kanyang pagdating sa Kanyang kaharian; kung saan naroon ang Kanyang pagbabagong-anyo, naroon ang pagdating ng kaharian—Marc. 9:1-4; Luc. 9:27-31.
   2. Ang pagbabagong-anyo ng Panginoong Hesus ay ang pagkatanto ng kung ano Siya.
   3. Ang kaharian ay ang pagniningning ng realidad ng Panginong Hesus; ang mapasailalim ng Kanyang pagniningning ay ang mapasakaharian—Apoc. 22:4-5.
   4. Sa milenyum ay makakasama ni Kristo ang mga nananaig na mananampalataya sa maningning na kaluwalhatian ng kaharian: “sa panahong yaon ay magliliwanag ang mga matuwid katulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama”—Mat. 13:43a at mga talababa 1 at 2.

*© 2022 Living Stream Ministry*